

*Nobena  
sa Karangalan  
ng Pitong Sakit  
at Pitong Tuwa  
ni Poong  
San Jose*



---

Lahat: Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.  
Amen

## *Angelus*

Namumuno: Binati ng Anghel ng Panginoon si Ginoong Santa  
Maria

Lahat: At siya'y naglihi lalang ng Diyos Espiritu Santo.  
Aba Ginoong Maria...

Namumuno: Narito ang alipin ng Panginoon...

Lahat: Maganap nawa sa akin ayon sa wika mo.  
Aba Ginoong Maria...

Namumuno: At ang salita ay nagkatawang-tao...

Lahat: At tumira sa gitna natin.  
Aba Ginoong Maria...

Namumuno: Ipanalangin mo kami Banal na Ina ng Diyos...

Lahat: Nang kami ay maging dapat makinabang ng mga  
pangako ni Hesukristong Panginoon.

Namumuno: Manalangin tayo...

Lahat: Panginoon naming Diyos, kasihan nawa ang aming  
kaluluwa ng Iyong mahal na grasya, at yayamang  
dahilan sa pananalita ng Anghel ay nakilala naming  
ang pakakatawang-tao ni Hesukristong Anak Mo,  
pakundangan at pagpapakasakit at pagkamatay sa  
krus ay papakinabangan Mo kami ng Kanyang  
pagkabuhay na mag-uli, sa kaluwalhatian sa langit,  
alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin.  
Amen.

Namumuno: Papuri sa Ama, at Anak at sa Espiritu Santo.

Lahat: Kapara nang una, ngayon, magpakailanman at  
magpasawalang hanggan. Amen.

---

---

## *Sa Anghel na Tagatanod*

Lahat: Anghel ng Diyos, na dahil sa dakilang pagmamahal-ama ay inilagay ako ng Panginoon sa ilaim ng iyong pangangalaga; sa araw na ito ay liwanagan, ingatan, pangunahan at patnubayan mo ako na ipinagkatiwala sa iyong pagkakandili. Amen.

## *San Jose Manggagawa*

San Jose, San Jose!  
Pintakasing dakila ng manggagawa  
Sa Simbaha'y lagi kang nagbabantay,  
Amang butihi't gabay sa lupa  
ni Hesukristong dinarakila.

Kami ay dumudulog sa 'yong pamamagitan  
Sa Diyos ating Amang mapagmahal,  
Na sana'y pagpalain at pagyamanin  
Aming parokyang pinamayanan.

Mga Manggagawa tangi sa'yo.  
Tiwalang tunghay ang noo sa iyo.  
Sa gawa'y tulungan at nang umunlad  
Ang buhay na aba at sayo'y matulad.

Sa tulo ng pawis at banat na laman  
Sa gitna ng hirap at kasiphayuhan,  
Kami'y magisiskap magbangong dagal;  
Sintang pintakasi kami'y tulungan.  
O San Jose, O San Jose!

Namumuno: Lumuhod po ang lahat.

---

## *Yugto ng Pagsisi*

Lahat:

O Diyos! Sa iyo kami sumasampalataya, sa iyo umaasa at ikaw ay aming iniibig nang higit sa lahat ng bagay; kami ay naririto, na nagpapatirapa sa iyong harapan. Buong kapakumbabaan naming hinihingi sa iyo ang kapatawaran ng aming kasalanan. Kami ay isang hamak na makasalanan na kung hindi matutulungan ng iyong mahal na biyaya ay walang magagawa. Magmula sa kaibuturan n gaming puso ay hinihiling po naming ang kapatawaran sa aming mga kasalanan at ang pagtitikang matibay mula ngayon, ay huwag ng magkasala. Lubos ang aming pagtitiwala at pananalig sa tulong ng iyong biyaya. O Diyos na maawain, hindi mo maaaring itakwil at itaboy ang pusong nagsisi. Kami naman ay huwag itakwil sapagkat ang puso namin ay sakbibí ngmatinding sakit, sa dahilang hindi mamakailan na ikaw po ay aming nalapastangan at napagkasalahan. Kami ay ay hindi karapat-dapat na lawitan mo ng patawad, ngunit ang iyo naming kaawaan ay lalong higit kaysa lahat naming mga kasalanan.

Panginoon, mahabag ka po sa amin, sapagkat kami ay isang hamak na makasalanan.

## *Panalangin sa Bawat Araw*

Lahata:

O maluwalhating Patriarkang San Jose! Na kalinis-linisan kaisang-puso ng Birhen hindi nabahiran ng dungis ang kalinisan, na uliran ng lahat ng mga kabanalan; sa iyong tanging pag-aampon kami ay dunudulog at hinihingi ang iyong pagpapala upng aming matunton ang landas ng kabanalan at



---

manatiling tapat sa aming mga katungkulan sa gitna ng kasamaan ng mundo, na sa araw-araw ay nadadaragdagan at nagbabalang akayin ang sangkatauhan sa landas ng kapahamakan.

Malasin mo po, O San Jose, ang pag-ibig at pamimintuho ng lahat ng sa iyo ay namimintakasi. Mga namimintuho na may mga iba't ibang gulang at uri ng katayuan ang sa iyo ay dumudulog, sa pagnanasang makatuklas ng aliw at tulong. Pagindapatin mo nawa, O kahanga-hangang kaibigan ng Diyos at taga-ampon ng buong Iglesia, na kami ay matulungan ng bias ng iyong pamamagitan, sa harap ng iyong inuring Anak na si Hesus. Samantalang ikaw ay nabubuhay sa lupang ito, ikaw ay nagkapalad na maiduyan sa iyong mga bisig ang mabathalang Sanggol, at naihimlay sa iyong dibdib at sa iyong pusong malinis na nauuhaw sa pag-ibig sa pinakamamahal na tala ng iyong pagsinta na sa iyo ay ipinagkatiwala. Kung noong panahong yaon ay walang biyayang anuman na ipinagkait sa iyo ni Hesus, ngayon man ay hindi ka nya pagkakaitan. Dinggin mo ang aming mga panalangin at ipamagitanmo kami kay Hesus.

Nawa ay makamtan naming higit sa lahat ang isang pamumuhay na walang kasalanan at isang tunay na pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos, upang maisabalikat nang buong pagtitiis ang mga sakuna ng buhay na ito, upang isang araw, kami ay maaaring magtamasa sa iyong piling ngmgga ligaya sa kaluwalhatian ng langit, magpasawalang hanggan. Siya Nawa.

---

*Panalangin sa Karangalan ng Pitong Sakit at Pitong Tuwa  
ni Poong San Jose*

O SANTONG MAPA/LAD, NA IGINAGALANG NG TANA/NG  
ANGELES AT SANGKALANGITAN  
KAMI'Y DU/MUDULOG NA NANGAG/DIRIWANG TAGLAY ANG/  
ADHIKAING KAYO'Y IPAGDANGAL.

SABAY-SABAY KAMING NGAYO'Y/ DU/MUDULOG SA MAHAL/  
MONG HARAP/ AT IDINUDU/LOT. KALULUWA'T BUHAY,  
SAMPUNG MGA KI—LOS NANG BUONG PAGSIN/TA'T LUBOS  
NA PAG-IROG.

✱ I ✱

Namumuno: O, kalinislinisang Esposo ni Mariang  
kabanalbanalan, maluwalhating San Jose, kung  
malaki man ang sakit at ligalig ng iyong puso doon  
sa pag—aalinlangan mong pagtatanan sa kalinis-  
linisan mong Esposa, ay malaki ring di masabi ang  
nakamtan mong tuwa, nang ipahayag sa iyo ng  
Anghel ng Kataas-taasang Kababalaghan, ang  
pagkakatawang tao ng anak ng Diyos.

Lahat: Alang-alang sa unang sakit mo't tuwa ay hinihingi  
naming sa iyo na aliwin mo ngayon ang aming  
kaluluwa ng tuwa ng isang banal na pamumuhay at  
doon naman sa huli naming sakit ay pakamtan mo  
sa amin ang tuwa ng isang magandang pagkamatay  
sa gitna ni Hesus at ni Maria.

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria,  
pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos,  
at sinasamba naman namin ang Batang  
pinangalanan mong Hesus.

---

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O, San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

IPANALA/NGIN MO PO SA MAHAL/ MONG ANAK, NANG  
AMING/ MASUNOD ANG MAGAN/DANG HANGAD.  
O KUNG MAGKAGA/YO'Y DI MAN KAMI DA/PAT,  
MAPAPAKIBI/LANG SA MGA MAPALAD.

SABAY-SABAY KAMING NGAYO'Y/ DU/MUDULOG SA MAHAL/  
MONG HARAP/ AT IDINUDU/LOT. KALULUWA'T BUHAY,  
SAMPUNG MGA KI—LOS NANG BUONG PAGSIN/TA'T LUBOS  
NA PAG-IROG.

\* II \*

Namumuno: O, lubhang mapalad na Patriarka, maluwalhating San Jose, hinirang ka sa lahat na maging Ama sa turing ng Berbong nagkatawang tao, ang dakilang sakit na dinamdang ng puso mo, nang Makita mong ipinanganak ang sanggol na si Hesus sa lubos na kasalanan, ay napawi niyong tuwang-langit na kinamtam mo sa pakikinig ng pag-aawitan ng anghel at sa pagkakita ng mag kahima-himalang nangyari, noong gabibg yaon na lubhang maliwanag.

Lahat: Alang-alang dito sa ikalawang sakit mo't tuwa ay ipinagmamakawa namin sa iyo na kung matapos itong aming lakad sa buhay na ito, ay mapakinggan namin ang pag-aawitan ng mga anghel at mapanood tuloy ang mga kaliwanagan ng kaluwalhatian sa langit.

---

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming nagpapaampon sa iyo.

PINAGPALANG SAN/TO, SAN JOSENG HINI/RANG, NG DIYOS/  
SA LAHAT NA LALA/KING TANAN. BUKOD NA PINUS/POS AT  
PINAGBIYAYAAN NG MGA DAKI/LA'T TANGING KABANALAN.

NARIRITO NA NGA AT PISAN-PISAN HALOS SA MAHAL/ MONG  
HARAP/ AT INIHAHANDOG NANG BUONG PAG-IBIG,  
KALULUWA'T LO—OB, SAMPU NG PANA/TANG SA MUNDO'Y  
PAGLIMOT.

\* III \*

Namumuno: O lubhang masunuring gumaganap ng mga kautusan ng Diyos, maluwalhating San Jose, ang kamahal-mahalang dugong ibinubo ng Sanggol na mananakop, ay naging sakit na tumagos sa iyong puso, ngunit nag pangalang Hesus ay nagging mula ng di masabing tuwa.

Lahat: Alang-alang dito sa ikatlong sakit mo't tuwa ay pakamtan mo sa amin na mabuhay kaming malayo sa dilang kasalanan at sa pagkalagot ng aming hininga ay may katuwaang sambitin ng aming loob at bibig ang kasantu-santuhang pangalang Hesus.

---

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

IKAW ANG PINI/LI NA PINAPAG-INGAT SA BIRHENG  
PINUS/POS NG LANGIT/SA DILAG. ANO PA AT/ KAYONG  
DALAWA'Y BINAT/BAT, NG GRASYA'T BIYA/YANG WALANG  
PAGKALIPAS.

NARIRITO NA NGA AT PISAN-PISAN HALOS SA MAHAL/ MONG  
HARAP/ AT INIHAHANDOG NANG BUONG PAG-IBIG,  
KALULUWA'T LO—OB, SAMPU NG PANA/TANG SA MUNDO'Y  
PAGLIMOT.

\* IV \*

Namumuno: O Santong lubhang tapat ang loob, kasangguni sa mga talinhagang gawa ng pagsakop sa amin, maluwalhating San Jose, kung ang paghula ni Simeon ng mag karalitaang hirap ni Hesus at Maria ay nagging sakit mong Kamatay-matay, ang paghula niya naman, na yao'y ikagagaling ng dimabilang ng mga kaluluwa ang siyang ikinapuspang-tuwa ng loob mo.

Lahat: Alang-alang ditto sa ikaapat na sakit mo't tuwa ay pakamtan mo sa amin na kami ay ipakibilang mo sa mga mabubuhay na mag-uli na magsisiluwalhati sa

---

langit pakundangan sa mga karapatan ni Hesus at sa pagmamakaawa ni Maria.

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

SA ARAW/ NA ITO'Y TANGING HI/NIHILING NAMING  
SAN/TONG MAHAL, IYONG MARAPATIN NA ANG MUNTING  
HAN/DOG NGAYON AY/ TANGGAPIN, IHAIN SA DIYOS  
AMANG MAAWAIN.

MALUWALHATING POON/, PINTAKASING HAYAG NG  
NANGAGHIHINGALO'T/ NANGABABAGA/BAG, KAMI'Y  
KALINGAIN, MATA MO'Y ILI-NGAP SA NANGAGHAN/DOG  
SA'YO NG PAGLIYAG.

\* V \*

Namumuno: O lubhang maingat na tagatanod at lagging kasama ng nagkatawang taong Anak ng Diyos, maluwalhating San Jose, anong laking pagod mo't sakit sa pag-aalaga't pag-aalis sa Anak ng kataas-taasang Diyos, lalung-lalo na noong mapilitan kang mapasa-Ehipto.

Lahat: Alang-alang dito sa ikalimang sakit mo't tuwa, ay ipinagkamit mo kami ng grasya na malayo sa mga kaaway n gaming kaluluwa sa pamamagitan ng paglayo sa mga panganib na ipagkakasala, upang

---

mabunot naman sa aming mga puso ang lahat ng mga anito, mga makamundong hilig, nang kami ay mabuhay at magkapalad na mamatay sa paglilingkod lamang kay Hesus at kay Maria.

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose Mahal na Pintakasi;

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

HINGIN MONG MAPI/LIT ANG IPAG-AA/LAB, N'YARING AMING  
PU/SO SA PAGSIN/TANG WAGAS.

UNA NGA'Y KAY HESUS, SA BIRHENG MARILAG, AT SAKA SA  
I/YO, O SANTONG MAPALAD.

MALUWALHATING POON/, PINTAKASING HAYAG NG  
NANGAGHIHINGALO'T/ NANGABABAGA/BAG, KAMI'Y  
KALINGAIN, MATA MO'Y ILI-NGAP SA NANGAGHAN/DOG  
SA'YO NG PAGLIYAG.

\* VI \*

Namumuno: O Anghel ka dito sa lupa, maluwalhating San Jose, na natatausan ka ng di masabing pagkamangha nang Makita mong sumusunod sa iyo ang Hari ng langit. Kung malaki man ang nakamtan mong tuwa sa pag-uwi galling Ehipto, ay nahaluan naman ng sakit ng takot kay Arkelao, ngunit sa pagsunod mo sa bilin ng anghel ay tumahan kang maligaya sa Nazaret.



---

Lahat: Alang-alang dito sa ikaanim na sakit mo't tuwa ay pakamtan mo sa amin na kung an gaming puso ay ligtas sa nakaliligalig na pangamba ay malubos ang kapayapaan n gaming loob, at nang kung kami'y mabuhay na tahimik na kasama ni Hesus at ni Maria, kami ay tulungan nila sa aming paghihingalo.

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

KAMI'Y NARI/RITO'T MULING DU/MUDULOG, GALING SA  
ADHIKAING 'DI KA MALILI/MOT. BAGU'T BAGONG PU/RI,  
AMING IHAHAN/DOG, SA IYONG PANGA/LAN AMA NAMING  
IROG.

HUWAG MONG/ IKAIT SA A/MIN ANG HABAG, TUNGKOD  
MO'Y/ IABOT, KAMI'Y MANGHAHA/WAK.  
S'YANG GAGABAYIN SA AMING PAGLA—KAD SA GITNA NG  
MUN/DONG, BAYAN NG BAGABAG.

✱ VII ✱

Namumuno: O maluwalhating San Jose, uliran ka ng dilang kabanalan, malaking dikapala ang dinamdam mong sakit doon sa tatlong araw na ipinaghanap mo kay Hesus na bata. Ngunit humalili naman ang di-

---

Lahat: masabing tuwa nang Makita mo sa templo ang kinabubuhayan mo na napapagitna sa mga doktor. Alang-alang ditto sa ikapitong sakit mo't tuwa ay isinasamo naming sa iiyo, mula sa kaibuturan n gaming puso, na sa tulong ng mahal mong saklolo, ay huwag sanang mawala sa amin si Hesus dahil sa kasalanang dakila at kung sakaling kami'y datnan ng gayong kasamaang-palad, ay Makita nawa naming muli ang kanyang awa, lalo na sa oras ng kamatayan at nang makamtan naming siya doon sa langit at kami ay makasama sa iyo sa pagpupuri ng kanyang mga kaawaan maparating saan man.

Namumuno: San Jose, anak ni David, esposo ng Birheng Maria, pinararangalan ka namin tagatanod ng Manunubos, at sinasamba naman namin ang Batang pinangalanan mong Hesus.

Lahat: San Jose, pintakasi ng buong simbahan, samahan mo kaming manalangin upang matularan namin ang panghabang-buhay mong pagkalinga sa kapakanan ng Tagapagligtas. Amen!

Namumuno: O San Jose, Mahal na Pintakasi:

Lahat: Ipanalangin mo kaming napapaampon sa iyo.

MAGLUWALHATI/ KA'T SILAYAN/ NG MATA KAMING  
NABUBU/HAY SA MADLANG BALI/SA. KAHIMANAWA/RI'Y ANG  
IPAGDURUSA, MATUBOS ANG A/MING TAPAT NA PAGSINTA.

HUWAG MONG/ IKAIT SA A/MIN ANG HABAG, TUNGKOD  
MO'Y/ IABOT, KAMI'Y MANGHAHA/WAK.  
S'YANG GAGABAYIN SA AMING PAGLA—KAD SA GITNA NG  
MUN/DONG, BAYAN NG BAGABAG.

---

## *Litaniya kay Poong San Jose*

Panginoon, maawa ka sa amin...

*Panginoon, maawa ka sa amin.*

Hesukristo, maawa ka sa amin...

*Hesukristo, maawa ka sa amin.*

Panginoon, maawa ka sa amin...

*Panginoon, maawa ka sa amin.*

Kristo, pakinggan mo kami...

*Kristo, pakinggan mo kami.*

Kristo, pakapakinggan mo kami...

*Kristo pakapakinggan mo kami.*

Diyos, Ama sa langit...

*Maawa ka sa amin\**

Diyos Anak na tumubos sa sanlibutan\*

Diyos Espiritu Santo\*

Kabanal-banalang Tatlong Persona na iisang Diyos\*

Santa Maria...

*Ipanalangin mo kami.\*\**

San Jose\*\*

Bunying anak ni David\*\*

Ilaw ng mga Patriarka\*\*

Kaisa-isang puso ng Ina ng Diyos\*\*

Kalinis-linisang tagapagtanod ng Berhin\*\*

Inaring Ama ng Anak ng Diyos\*\*

Maingat na tagapagtanggol ni Kristo\*\*

Puno ng Banal na Angkan\*\*

Kabanal-banalang San Jose\*\*

Kalinis-linisang San Jose\*\*

Mahinahong San Jose\*\*

Magiting na San Jose\*\*

Pinakamasunuring San Jose\*\*

Pinakamatapat na San Jose\*\*

Salamin ng Katiyagaan\*\*

---

Maibigin sa Karukhaan\*\*  
Uliran ng mga manggagawa\*\*  
Kaluwalhatian ng Namamahay\*\*  
Tagatanod ng mga Birhen\*\*  
Tanggulan ng mga Angkan\*\*  
Aliw ng Namimighati\*\*  
Pag-asa ng may sakit\*\*  
Pintakasi ng naghihingalo\*\*  
Sindak ng mga Demonyo\*\*  
Tagapagtangkilik sa Santa Iglesia\*\*

Kordero ng Diyos na nakwawala ng mga kasalanan ng Sanlibutan  
*Patawarin mo kami.*

Kordero ng Diyos na nakwawala ng mga kasalanan ng  
Sandaigdigan;  
*Pakinggan mo kami.*

Kordero ng Diyos na nakwawala ng mga kasalanan ng  
santinakpang langit;  
*Kaawan mo kami.*

Namumuno: Ginawa siyang panginoon ng kanyang bahay.  
Lahat: At tagapamahala ng lahat niyang mga pag-aari.

Namumuno: Ipanalangin mo kami, Mahal na Poong San Jose.  
Lahat: Nang kami ay maging dapat makinabang sa mg  
pangako ni Hesukristong Panginoon.

Namumuno: Manalangin Tayo...  
Lahat: Panginoong Diyos, na sa isang tanging dimasayod  
na pamamahala mo ay hinirang mo si San Jose, na  
maging Esposo ng Iyong Ina, ang kabanal-banalang  
Birheng Maria, maawa ka't ipagkaloob mo sa amin,  
na yayamang siya'y iginagalang naming Pintakasi  
dito sa lupa, ay siya rin naming bukod na kumalara  
sa amin sa kaharian ng langit. Na nabubuhay ka't  
naghahari magpasawalang-hanggan. Amen.

---

## *Panalangin*

Lahat: Sa iyo po, maluwalhating San Jose, nagsasakdal kami sa aming mga kapighatian; at pagkahingi naming ng saklolo sa iyong kabanal-banalang esposa, idinadalangin din naming ang iyong saklolo, taglay ang buong pananalig, alang-alang sa dalisay na pag-ibig na ipinakisama mo sa kalinislinisang Birheng Mariang Ina ng Diyos, at sa pagsintang Ama na iniyakap mo sa Banal na Sanggol na si Hesus, ay isinasamo naming sa iyo ng lubos na kapakumbabaan ng loob, na ilingap mo ang mat among maawain sa manang kinamtan ni Hesukristo ng kanyang mahalagang dugo, at ampunin mo an gaming mga pangangailangan ng iyong tulong at kapangyarihan.

O lubhang maingat na tagapagtangkilik ng mag-ina ni Hesus, ampunin mo ang hirang na lipi ni Hesukristo; ilayo mo sa amin ang tanang karungisan ng maling aral o masamang ugali. O makapangyayari't maawaing Pintakasi, tulungan mo kami buhat sa langit sa pakikilaban naming sa demonyo, ipagtanggol mo ngayon ang Santa Iglesia ng Diyos sa kalupitan at sa mga silo ng kanyang mga kaaway at sa dilang hilahil, gaya ng pagliligtas mo nang unang araw, sa mahal na sanggol na si Hesus sa panganib na kninalagyan ng kanyang buhay; at kupkupin mo naman kaming lahat ng lagi mong saklolo, upang sa pamamagitan ng iyong pag-aampon at tulad sa iyo ay matuto rin kaming mabuhay at mamatay sa kabanalan at makamtan naming ang kapalarang walang-hanggan sa langit. Amen.

---

## *Mga Awitin kay Poong San Jose*

### *Hymn to St. Joseph*

Let's sing the name of Joseph the father's image on earth.  
To him the Lord confided his gems of precious worth.  
The son of the eternal the Virgin Mother of God.  
Most privileged of fathers that ever this earth has trod.

We praise thee, best St. Joseph the perfect model of men.  
The weary work man's sunshine that brings him joy again  
How great if we are chosen another Joseph to be.  
To work for Christ in silence and true humility  
To work for Christ in silence and true humility.

### *O St. Joseph*

Once I have seen a child in a manger,  
sleeping in peace embraced by a mother  
and there stood a man of great patience  
watching still the child humble and mild.

Chorus

O St. Joseph humble and mild,  
You gave yourself to comfort me and the child.

Angels from high singing their praises  
Shepherds awakened by heavenly voices  
Come and see the child in his little manger giving gifts of love.  
Proclaim him divine.

---

## *O Foster Father of the Lord*

(Tune of "Bunying Anak ni David")

O foster father of the Lord, great guardian of our Savior,  
Spouse of the Virgin Mary, treasure of humility.

O thou to whom the angels sing,

O father model of the saints.

Hear, then, our supplication, deign to receive our love.

The eternal deed of charity deign to exclaim you father,

And as a Son that is docile, he obeyed all wish of thine.

The mighty and the nobles fail, the heavenly choir extols thee.

O great Saint Joseph, with our pray'r, listen while we sing to thee.

## *Look Down to Us, St. Joseph*

Look down to us St. Joseph

Protector of our Lord

Who followed you through deserts,

And gave blessed reward

Our foes are yet about us,

Be strength now at your side,

Be light against the darkness.

O St. Joseph be our guide

We venerate your justice,

The gospel praise your name,

You are the saint all humble,

Who gained eternal fame;

In your devoted family

Our souls in trust confide,

Direct our way to heaven.

St. Joseph be our guide!

---

## *Dear Guardian of Mary*

Dear guardian of Mary! Dear nurse of her child!  
Life ways are full of weary, the desert is wild.  
Bleak sands are all 'round us, no home can we see.  
Sweet spouse of Our Lady, we lean safe on thee.  
For thou to the pilgrim art father and guide,  
And Jesus and Mary felt safe at thy side.  
Ah blessed St. Joseph how safe should I be,  
Sweet spouse of our Lady, if thou wert with me!  
God choose thee for Jesus and Mary,  
wilt thou for give a poor exile for choosing thee now!  
There is no saint in heaven, St. Joseph like thee,  
sweet spouse of our Lady, do thou plead for me.

## *Bunying Anak ni David*


Bunying anak ni David,  
Ilaw na nagniningning  
Ng mga Patriaka.  
Esoso ni Maria,  
Ikaw ay pinupuri ng langit at ng lupa.  
Ang aming panalangin  
Pag-ibig tanggapin.

## *Patriarkang San Jose*

Patriarkang San Jose pintaksi  
Kami sa iyo'y nagbubunyi.  
Ang pag-ibig nami't pagtatangi  
Kalianma'y di maduduhagi.

Ama nami't patrong tagatanod  
kami sa'yo ay nais maglingkod.  
Ang dasal naming at mga handog  
Tanggapin Mo sana ng lubos.





*Oblates of St. Joseph  
House of the Junior Professed*

Coastal Ibaba, Brgy. Buho  
Amadeo, Cavite